

Mga Claimant na Militar at Pederal

Kung kayo ay isang empleyado ng militar o pederal na naghahain para sa kawalan ng trabaho, kayo ay dapat na makipag-ugnayan sa Claimant Service Center sa 800-244-5631 upang kayo ay matulungan ng isang kinatawan ng IDES sa paghahain ng inyong claim.

Kapag ang claim ay naihain na, ang mga kabayaran ay hiniling at nailagay na sa inyong claim, magagawa ninyong kumpletuhin ang proseso ng pagpaparehistro ng ILogin.


Makipag-ugnayan Sa Amin

Illinois Department of Employment Security

Telepono: 800-244-5631

Web: ides.illinois.gov

ILOGIN



ILLINOIS



Mga Nilalaman

Pangkalahatang-ideya ng Programa	1
Katangian ng Seguridad.....	2
Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan.....	2
Multi-Factor Authentication (MFA).....	2
Mahalagang impormasyon.....	2
Pagsisimula – Mga Hakbang para Magrehistro.....	3-5

12. **Mga Dati nang Claimant:** Mag-click sa “I Have an IDES UI Online Account”. Ang mga dati nang claimant na nakarehistro na at may username/password at aktibong claim ay dadalhin sa IDES account verification page.


Mga Bagong Claimant: Mag-click sa “I Do Not Have an IDES UI Online Account”. Kailangang kumpletuhin ng mga bagong claimant ang karagdang mga hakbang sa pagpapatotoo at pagpapatunay ng pagkakakilanlan.

13. Kapag matagumpay na nakumpleto ang pagpaparehistro ng ILogin at pagpapatunay ng pagkakakilanlan, ang claimant ay maila-log in sa kanilang UI Online Account.

Pagkatapos makumpleto ang mga hakbang na ito, matagumpay na mali-link ang UI Online Account ng claimant sa kanilang ILogin account. Kakailanganin ang MFA sa tuwing kayo ay magla-log in.



- Pagkatapos ninyong gumawa ng ILogin Account, kayo ay makakatanggap ng email ng kumpirmasyon.
- Buksan ang email ng kumpirmasyon at i-click ang link na may pamagat na Activate Account. Mag-e-expire ang link na ito pitong araw pagkatapos ninyong matanggap ang email.



- Sa sandaling ma-click ninyo ang pindutan na Activate Account, kayo ay dadalhin sa isang screen upang mag-set up ng password para sa inyong ILogin account, pati na rin ang mga tanong na pangseguridad at mga mapagpipilian para sa pag-reset ng inyong password sa hinaharap.
- Susunod, kakailanganin ninyong i-set up ang inyong Multi-Factor Authentication (MFA). Kayo ay dapat na mamili ng kahit isang opsyon para i-set up, ngunit maaari ninyo ring piliin ang lahat ng opsyon sa MFA.
- Kapag kumpleto na ang pagpaparehistro ng account, kayo ay dadalhin sa inyong dashboard ng ILogin. Mag-click sa icon ng IDES.
- Ang mensahe sa ibaba ay lalabas upang patunayan ang inyong IDES UI Online Account.



Pangkalahatang-ideya ng ILogin



Kapag kayo ay nag-log in sa inyong UI account sa unang pagkakataon o nagparehistro para sa isang UI account sa website ng IDES, kayo ay aatasang magparehistro para sa isang ILogin account, at kakailanganing patunayan ang inyong pagkakakilanlan.

Nagdaragdag ang ILogin ng isa pang karagdagang proteksiyon na direktang naka-link sa inyong UI account. Kakailanganin ang Multi-Factor Authentication (MFA) upang ma-access ang inyong account.

Ang ILogin ay isang gamit sa seguridad na nagpoprotekta sa mga pagkakakilanlan ng claimant.

Kung kayo ay isang bagong claimant na naghain para sa unemployment insurance (UI) sa unang pagkakataon, o isang dati nang claimant na may aktibong claim na nakahain, bawat taong naghahain o nagse-certify para sa mga benepisyo ng UI ay kailangang matagumpay na makumpleto ang prosesong ito.



Umaasa kami na ang ILogin ay hindi lamang magbibigay sa inyo ng karagdagang seguridad para sa inyong pagkakakilanlan at mga benepisyo, ngunit higit sa lahat, kapayapaan ng isip.

Katangian ng Seguridad

Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan

Sa pamamagitan ng multi-factor authentication at iba pang mga kagamitan, kinokompirma ng ILogin ang pagkakakilanlan ng sinumang nagla-log in sa inyong account, upang matiyak na mananatiling protektado ang inyong mga benepisyo.

Multi-Factor Authentication (MFA)

OKTA Verify

Ang OKTA app ay dapat na ma-download sa inyong telepono. Kapag ginagamit ang pamamaraang ito, may lalabas na “push” notification sa inyong telepono na nagtatanong kung sinusubukan ninyong mag-sign in.

Google Authenticator

Ang app na ito ay dapat na i-download nang hiwalay sa inyong telepono. Kung na-download at na-set up na, kapag nagla-log in, kailangan ninyong pumunta sa Google Authenticator app para kunin ang pang-isahang gamit [single-use] na code (time-sensitive, pana-panahong nagre-refresh) at i-enter sa pamamagitan ng ILogin.

Pagpapatunay sa pamamagitan ng SMS

Kapag sinusubukang mag-log in, isang SMS na text message ang ipapadala sa numero ng telepono na inyong ibinigay. Dapat ninyong i-enter ang pang-isahang gamit na code na matatanggap ninyo sa pamamagitan ng text.

Pagpapatunay sa pamamagitan ng Voice Call

Kayo ay makakatanggap ng isang tawag sa telepono upang patunayan ang inyong pagkakakilanlan at mag-log in sa inyong account.

Pagsisimula

Mga Hakbang para Magrehistro

Kung kayo ay isang empleyado ng pederal o militar, mangyaring tingnan ang likod ng booklet na ito bago sundin ang mga hakbang na ito.

1. Pumunta sa website ng IDES: ides.illinois.gov.
2. I-click ang **Sign into My Account**.
3. Ang mga dati nang claimant ay magla-log in gamit ang kanilang kasalukuyang username at password, habang ang mga bagong claimant ay dapat mag-click sa **Register** hyperlink sa ilalim.
4. Kayo ay gagabayan sa screen sa ibaba upang gawin ang inyong ILogin Identity Account.
5. I-enter ang kinakailangang impormasyon at pagkatapos ay i-click ang **Next**.

The screenshot shows a web browser window with a blue header bar. Below the header, there is a message: "Please use one of the following supported browsers: Google Chrome, Firefox, Safari, Opera, or Microsoft Edge." The main content area is titled "Create Your ILogin Identity Account" and includes a sub-heading "Profile Information". Below this, there are several input fields for personal information: First Name (Joe), Middle Initial (empty), Last Name (Schmo), Suffix (empty), Email Address (joe.schmo@mailinator.com), Confirm Email Address (joe.schmo@mailinator.com), Street Address (1 Main St), City (Anywhere), State (OK), and Zip (65392). There are also fields for Primary Number (1111111111) and Mobile Number (XXX-XXX-XXXX). A note indicates that MFA (Multi-Factor Authentication) will be required to create the ILogin account. At the bottom, there are fields for State ID / Driver's License Number (238432482) and Date of Birth (01/01/1980). A "NOTE" at the bottom states: "NOTE: Multifactor Authentication (MFA) will be a required part of your upcoming ILogin account activation process. To better understand what MFA means click here." At the very bottom, there are two buttons: "NEXT" and "RESET".

